



Sofbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

**ANG MGA PANALANGIN NG MGA DI-GUMAGAWA NG SALAH AY DI
SINASAGOT**

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Inuubos natin ang ating oras sa paggawa ng mga pagkakamali, alam man natin o hindi. Kaya kapag ika'y gagawa ng isang bagay, magbalik loob ka sa Allah, magTawba, humingi ng kapatawaran upang ika'y magtagumpay sa anumang Gawain mo. Maraming tao ang nagsasabi na "Nananalangin naman kami pero di pa rin kami tagumpay sa gawain naming." Pagkatapos kung sila'y iyong tatanungin, Isinasagawa mo ang ang PagSalah? Sasabihin nila na "Hindi." Kaya doon pa lang di na sasagutin ng Allah azza wa jalla ang mga panalangin mo o bigyan ka tagumpay sa mga Gawain mo.

Sabi ng ating Shaykh Mawlana(qs), "Kung di ka nagsasagawa ng Salah, kahit magduwaa o manalangin ang Sultanul Awliya sayo, di pa rin tatanggapin." Bakit? Dahil di ka man lang nagbibigay ng pagsisikap. Kahit dalawang rakaat man lang ito'y makakatulong na sayo, maaari mong subukan kong ano ang kaya mo. Pababayaang ka ng Allah kapag di mo man lang iyon maisagawa. "Kapag di mo nakuha ang pahintulot ko, walang Gawain mo ang magiging maayos," Sabi ng Allah.

Maaaring isipin ng ibang tao na sa labas lang siya di maayos, pero ang ito'y wala na palang Baraka. Tatakbo ka na parang hayop, mapapagod lamang para sa wala. Walang kapayapaan sa buhay mo at wala itong halaga. Ang mga taong nagbabalik loob at humihingi ng tawad, nagsasawag ng Salah ay magtatagumpay. Maayos ang mga Gawain nila.

Dahil kung hindi, kahit gaano pa man kaganda ang isang bagay, ito'y sakit lamang. Tatanungin sila sa Qiyamat, "Binigyan ka ng ganito kadami pero bakit di mo pa rin

ginawa?" Mananagot sila dito. Magsimula tayo sa Tawba at paghingi ng kapatawaran, sa lahat ng Gawain, sa mga mahahalagang Gawain, upang magsimula tayong maging malinis.

Sofbats by

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Bakkani
Sabi ng Allah (J) "Tignan mo, ang Abe o alipin ko na ito ay alam ang kanyang pagkakamali at siya'y humihingi ng kapatawaran. Papatawarin ko siya at ibibigay ang nais niya." Kung hindi, sasabihin ng Allah azza wa jalla "Ang alipin na ito ay di ako inaalala(dhikr), at ayoko rin sa kanya at sa mga Gawain niya."

Ang kanyang mga gawain ay walang Baraka at di magiging maayos. Nawa'y maging kabilang tayo sa mga mabubuting Alipin In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
8 January 2017/10 Rabiul Akhir 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah